

Tuklas turismo sa Bayan ng Pilar

Rebosura, Ivy ✉

Sorsogon State University, Philippines (ivy.rebosura@gmail.com)

Marbella, Felisa

Sorsogon State University, Philippines (felisa.marbella@sorsu.edu.ph)

Received: 27 April 2025
Available Online: 20 May 2025

Revised: 12 May 2025
DOI: 10.5861/ijrse.2025.25108

Accepted: 18 May 2025

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstrak

Natiyak sa pag-aaral na ito ang pagtuklas sa turismo sa Bayan ng Pilar, taong 2018. Deskriptib-kwalitatib ang desinyong ginamit ng mananaliksik sa paglikom ng mga datos sa kinakailangan sa pag-aaral. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay mula sa komunidad ng Pilar, gayundin sa mga kawani ng Kagawaran ng Turismo, Kagawaran ng Edukasyon, at lokal na pamahalaan. Gumamit ng purposive sampling sa pagpili ng 200 kalahok: 50 mula sa bawat grupo mula sa komunidad, turismo, edukasyon, at lokal na pamahalaan. Ginamit ang sarbey at interbyu skedyul sa pag-alam ng mga natatanging yaman sa bayan ng Pilar at maging ang mga ambag ng atraksyong panturismo sa komunidad, turismo, pamahalaan at edukasyon. Ginamit din ang sarbey upang matukoy ang paraan ng pagpapakilala ng mga atraksyong nahanap. Binigyan ng interpretasyon ang mga datos na nakalap sa tulong ng pagbuo ng tematik-analisis. Natuklasan sa pananaliksik na maraming magagandang destinasyon sa Pilar na may potensyal na magbigay ng identidad sa lugar. Ngunit dahil sa kakulangan sa promosyon, hindi ito gaanong napupuntahan. Mahalaga ang kamalayan ng komunidad sa pagpapalago ng turismo, sapagkat dito nagmumula ang kasiglahan nito. Ang paggamit ng magasin at makabagong paraan ng promosyon ay makatutulong sa pagpapakilala ng mga atraksyon, na maaaring magdulot ng pag-unlad sa turismo at kabuhayan ng lugar.

Susing Salita: turismo, Bayan ng Pilar, ambag, atraksyon, pagpapakilala

Tuklas turismo sa Bayan ng Pilar

1. Introduksyon

1.1 Ang Turismo

Ang turismo sa bansa ay isang malaking bahagi ng identidad bilang isang Pilipino. Ang mundo ay biniyayaan ng samut-saring kagandahan pagdating sa likas na yaman nito. Ang turismo ay isang akto ng paglalakbay para sa layunin ng reaksiyon, at ang paghahanda ng serbisyo para dito. Ito ang pagtungo sa iba't-ibang lugar upang makita kung gaano kaganda ang isang bayan o bansa. Ang turismo ay may malaking ambag sa ating ekonomiya, bukod sa nagbibigay ito ng karagdagang kita sa pamamagitan ng perang ibinayad ng mga turista ay nagbibigay pa ito ng karagdagang trabaho sa mga mamayan.

Maraming bansa ang nagtataglay ng nakabibighani at magagandang tanawin. Ang turismo ayon sa World Tourism Organization ay isang akto ng paglalakbay para sa layunin ng reaksiyon, at paghahanda ng serbisyo para dito. Ito ang pagtungo sa iba't ibang lugar upang makita kung gaano kaganda ang isang bayan o bansa. Sa kompletong pagpapakahulugan ito ay ang idustriyang serbisyo (industrial services), kinabibilangan ito ng mga ilang nahahawakan at di nahahawakang sangkap. Ang mga elementong nahahawakan ay ang mga sistema tulad ng transportasyong panghimpapawid, riles, kalye, at pantubig. Kasama naman sa serbisyong nahahawakan ay ang serbisyong maasikaso (attentive services) tulad ng akomodasyon, pagkain at inumin, mga subenir at iba pang kaugnay na serbisyo katulad ng pagbabangko, seguridad, at kaligtasan. Kabilang naman sa di nahahawakang elemento ang pamamahinga, kultura(culture), scaping, adventure at lumang mga karanasan.

Ayon kay Goeldner at Ritchie (2003), ang turismo ay maaaring nangangahulugan bilang isang proseso, gawain, at resulta ng pakikipag-ugnayan ng mga turista, mga negosyong nagbibigay ng serbisyo sa kanila, gobyerno ng lugar na pupuntahan nila, komunidad na kanilang pagtutuluyan, at kapaligiran na may kaugnayan sa pag-akit at pag-alaga sa kanila. Ito ay ang pinag-haluhalong gawain serbisyo, at industriya na naghahatid ng karanasan sa paglalakbay: ang transportasyon, mga akomodasyon, mga edipisyo ng pagkain at inumin, mga pamilihan, libangan, mga pasilidad, at iba pang serbisyo na nagbubunga ng mabuting pakikitungo para sa isang indibidwal o grupong naglalakbay malayo sa kanilang tahanan.

Ang Pilipinas ay isa sa mga bansang mayroong magandang lugar na maaaring pasyalan at mga likas na yamang ginagamit maging sa iba't ibang larang. Mula sa simpleng mga pananamit, mga pagkaing inihahain, mga kultura't tradisyon tulad ng iba't ibang uri ng katutubong sayaw, awitin, ritwal ay ilan lamang sa mga natatanging kayamanan na maipagmamalaki bilang isang Pilipino. Sa panahon ngayon, isa sa nagpapaangat ng ekonomiya ng bansa ay ang industriya ng turismo. Hindi maiaalis sa ating isipan ang pagkakaroon ng makabagong teknolohiya na nagagamit natin sa ating pang-araw-araw na pamumuhay. Maging sa paggamit ng transportasyon ay napakalaking pakinabang ng teknolohiya. Ngunit sa kabila ng mga kayamanang tinataglay ng bansang Pilipinas, hindi maiaalis ang salitang isyu sa mga ito. Isa sa napakalaking katanungan ng sanaysay na ito ay kung bakit ang Pilipinas ay isa sa mga bansang may pinakamababang bilang ng mga dayuhang bumibisita sa bansa.

Ayon sa United Nations World Tourism Organization (UNWTO), umangat sa apat na bahagdan ang bansang Pilipinas sa istatistiks ng mga bansang dinarayo ng mga turista ngunit mababa pa rin ito hindi katulad ng mga karatig bansa tulad ng Thailand na nasa ika-siyam na pwesto at ang Malaysia sa ika-labindalawang pwesto.

1.2 Kahalagahan ng turismo

Napakahalaga ng pagpapalago ng turismo ng Pilipinas. Unang una dahil ang turismo sa Pilipinas ay isa sa

mga dahilan ng pag-unlad ng bansa. Dahil sa turismo, mas nagiging kilala ang ating bansang Pilipinas. Isa din sa dahilan kung bakit mahalaga ang pagpapaunlad ng turismo sa ating bansa ay upang maibahagi natin ang mga magagandang tanawin na meron tayo na nang gagaling din sa ating Panginoon. Hindi lamang ang mga tanawin pati narin ang mga kulturang meron tayo.

Kung usapang turismo ay hindi nawawala ang ating mga tradisyonal na pagkain na ating minamahal at tiyak na mamahalin din ng karamihan. Dahil din sa turismo nagkakaroon tayo ng pagkakataong ibahagi sa ibang tao, lalo na sa mga turistang hindi natin kalahi, o mga nanggagaling sa ibang bansa ang kagandahan ng puso ng mga Pilipino. Kung usapang turismo lang din, isa ang ating Bansang Pilipinas sa mga bansang binabalik balikan ng mga turista. Hindi lang dahil sa kagandahan ng ating mga tanawin dito kundi dahil narin sa mga kultura at mga mabusilak na puso na meron ang karamihan ng Pilipino na siyang nakikita ng mga turista. Nararapat din nating palaguin ang turismo ng ating bansa upang maibahagi rin natin ang ating kasaysayan na maaring maging inspirasyon sa karamihan, Mahalaga ang pagpapalago ng Turismo ng ating Bansang Pilipinas, dahil ang paglago nito ay kasabay rin ng pagunlad ng Pilipinas, at ang Pag unlad ng Pilipinas ay siya rin Pag-unlad ng mga Pilipino.

1.3 Ang Turismo bilang tulay sa pagkakakilanlan ng bansa

Ayon sa UNWTO Covid 19 and Tourism (2020), mas nakilala ang lokal na turismo dahil mas pinili na lamang ng mga turista ang mag-staycation o magbakasyon sa malapit lamang sa kanilang tahanan. Kasabay nito ay ang paghahanap ng mga tao ng isang awtentikong lugar kaya naman mas nabigyang-pansin ang mga lokal na komunidad. Kasama sa pagiging awtentiko ng isang lugar ay ang mga istorya sa likod nito. Mga kwento na nagsasalaysay kung paano nabuo ang isang lugar. Sa pamamagitan ng mga kwentong ito ay nagiging madali para sa mga turista na maalala ang isang lugar at ang mga kwentong ito rin ang dahilan kung bakit nila gugustuhing bumalik.

Ika nga ni Mr. Zurab Pololikashvili “Sa buong mundo, sa mga bansang umuunlad pa lamang ay maraming trabaho at negosyo ang nakadepende sa malakas at umuusbong na turismo. Ang turismo rin ang nagsisilbing puwersang tumutulak upang protektahan ang mga natural at kultural na pamana nang sa gayon ito ay mapangalaan para sa mga susunod pang henerasyon. Ang mga nasabing pahayag ng UNWTO ang isang basehan na nagpapatunay na kailangang pag-aralan ang mga natatanging turismo ng bawat lugar nang sa gayon ito ay maprotektahan at mapangalagaan upang mapakinabangan pa ng mga susunod na henerasyon. Sa pag-aaral ni Cao (2019) natuklasan sa kanyang pag-aaral na ang pagkukuwento tungkol sa kasaysayan o pinagmulan ng isang lugar ay higit na nagpapayaman sa karanasan ng mga turista dahil napagtibay ang tinatawag na place attachment sa pamamagitan ng hindi malilimutang mga kuwento.

Alinsunod sa Batas Republika Blg. 9593, Seksyon 2, na tiyakin ang pagpapaunlad ng turismo ng Pilipinas para sa mamayang Pilipino, pangalagaan at ipagmalaki ang mga pamana, pambansang pagkakakilanlan at pagkakaisa. Pagpapaunlad ng Turismo ay isang hakbangin upang palakasin ang ekonomiya at pagkakakilanlan ng isang kultura. Taong 2001, na-promote ang Pilipinas gamit ang “WOW Philippines” campaign strategy na nakakuha ng atensyon mula sa mga lokal at dayuhang turista. Dahil dito, nagpunta ang mga dayuhan sa Pilipinas upang bisitahin at makita ang magagandang lugar, tao, at kultura. Iba't ibang campaign at information materials ang ipinakalat upang mapataas ang kamalayan ng mga interesadong bisita tungkol sa mga lugar na pupuntahan pati na rin ang pagbibigay ng mga souvenir.

Ayon kina Abat-Parducho (2015) ang mga gustong destinasyon ay Tagaytay, Cebu Province, BoracayIslands, at Metro Manila. Gaya ng nabanggit sa itaas, ang Maynila ay ang kabisera ng Pilipinas at dahil ito ang pangunahing gateway, mapupuntahan ito ng lahat. Bilang karagdagan, nag-aalok ito ng isang malawak na hanay ng mga destinasyon ng turista na maaaring tamasahin ng mga turista. Kaugnay ng istrategiya ng gobyernong “WOW Philippines” noon, ang Department of Tourism ay nagsagawa ng ilang mga pagsasanay at workshop upang mapabuti ang kalidad ng serbisyo para sa mga turista sa Pilipinas. Bilang karagdagan, ang pakikilahok sa

iba't ibang mga aktibidad tulad ng pagpunta sa mga travel fairs internasyonal upang maakit ang mga turista.

Ang Travelarias ay maaaring maging isang mas madaling paraan upang i-promote ang ating bansa. (DOT, 2014) Ang programang Travelarias ay magpapakita ng iba't ibang atraksyong panturista gayundin ang impormasyon na kailangan ng mga turista tulad ng kanilang paraan ng transportasyon, Bilang karagdagan, ang programa ay makakapagpakita ng mga katotohanan tungkol sa lugar. Halimbawa, ang programa ay maaaring magpakita ng mga museo tulad ng National Museum, Sunset Boulevard, The Baywalk kung saan ang iba't ibang hotel, casino, at restaurant ay mapupuntahan sa paligid ng lugar, o pumunta sa Rizal Park na matatagpuan sa distrito.

Isa ang Pilipinas sa mga kilalang puntahan ng mga turista. Base nga sa datos ng Philippine Tourism Statistics, mayroong 8, 260, 913 (2019)⁴ na turista ang bumisita sa Pilipinas. Patunay ang mga datos na ito kung gaano kaunlad ang turismo ng Pilipinas at iyan ay dahil sa tulong ng mga patalastas patungkol sa turismo. Ayon kay Department of Tourism (DOT) Secretary Christina Garcia-Frasco, na ang kita ay galing sa pagdating ng mahigit 2 milyong turista sa nakalipas na 8 na buwan. Kumita ang Pilipinas ng hindi bababa sa P100 bilyon mula sa sektor ng turismo nang lumuwag ang mga paghihigpit sa protocol sa kalusugan mula noong Pebrero 2022. Ani Frasco, ang pinakahuling bilang ay umabot ng higit pa sa 1.7 milyong tourist projections ng DOT. Samantala, idinagdag niya na ang malakas na kita ng turismo sa kasalukuyan ay nagpalakas din sa negosyo at mga oportunidad sa kabuhayan para sa mga Pilipino.

Sa ulat ni Philippine Tourism secretary Garcia Frasco sa harap ng Filcom sa London, umabot na sa 1.9 million ang tourist arrivals sa bansa, na higit sa target ng DOT. Mas maluwag na rin sa pagtanggap ng turista sa bansa. Kabilang sa mga tinututukan ng DOT katuwang ang ibang kagawaran ang pagdadagdag ng international direct flights papunta sa Pilipinas, pagsasaayos ng mga kalsada, airport at seaport, pagtatayo ng mga bagong pasilidad, pagsisiguro sa kaligtasan ng mga turista, pagpapalakas ng internet connectivity, at pangangalaga sa mga likas na yaman ng bansa.

Umaabot sa 12.8% ang ambag ng tourism industry sa Gross Domestic Product (GDP) ng bansa at Ang turismo, sa pangkalahatan, ay ang paggalaw ng isang tao o mga tao sa isang lugar, malapit man o malayo, para sa paglibang, negosyo, at iba pang mga layunin. Ito ang isa sa mga pangunahing pinagkukunan ng hanapbuhay ng mga tao saan mang dako ng Pilipinas. May tatlong aspeto ang ating bansa na naaapektuhan ng pag-usbong ng turismo. Ito ay ang mga sumusunod: (1) ekonomikal, (2) pulitikal, at (3) sosyal. Sa paglipas ng panahon, unti-unting nagbago ang proseso ng turismo. Kung ating ihahambing ang layunin ng paglalakbay noong unang panahon at ngayon, makikita natin na naglalakbay ang mga tao noon para mangalakal at magnegosyo, samantalang ngayon, naglalakbay ang mga tao sa kanilang sariling kadahilanan –maglibang, mangalakal, at kung ano pa.nakakapagbigay ng trabaho at kabuhayan sa may 5.7 milyong Pilipino.

Ang Republika ng Pilipinas ay isang malayang estado sa Silangang Asya na may 7,107 na isla at teritoryo na tinatatayang higit sa 300,000 kilometrong kuwadrado (sq. km) ang laki. Nahahati ito sa tatlong grupo ng mga isla: Luzon, Visayas, at Mindanao. Ang buong kapuluan ay ipinangalan kay Prinsipe Philip (nang maglaon ay naging Haring Philip II) ng España ayon sa pinasimulan ni Ruy Lopez de Villalobos, isang Kastilang manlalayag, noong siya ay nasa ekspedisyon dito noong 1542-1546.

Ang Pilipinas ay isang republikang presidensiyal at konstitusyonal na gayong nahahati sa mga yunit ay napapasailalim sa iisang pamahalaan. Mayroon itong Pangulo ng Pilipinas na nagsisilbing parehong puno ng estado at ng gobyerno. Inihayag ang kasarinlan ng Pilipinas mula sa Imperyo ng Kastila noong Hunyo 12, 1898, kasunod lamang ng kaganapan ng Rebolusyon ng Pilipinas. Isa rin ito sa mga orihinal na kasapi ng United Nations (UN) at ng Association of Southeast Asian Nations (ASEAN). Mayroon itong mga embahado at konsulado sa 62 bansa sa buong mundo.

Kabilang ang mga sumusunod sa mga pangunahing iniluluwas na produkto ng bansa: electronics, semiconductor, transport equipment, kagamitang pangkonstruksiyon, at mga mineral. Bilang bansang may bukas

na ekonomiya, nakikipagkalakal ang Pilipinas sa ibang mga ekonomiya sa buong mundo. Napabibilang ang bansang Hapon, Estados Unidos, Tsina, Timog Korea, at Aleman sa mga merkadong pinakamadalas na pinagdadalhan ng mga produkto ng bansa.

Napakalaki ng iniambag sa positibong pagkakakilanlan sa bansa at turismo ng “It’s More Fun In The Philippines.” Dahil dito, naitalang umabot sa 4.7 milyong ang mga dumagsang dayuhang turista noong 2013. Ang mga sumusunod ay ilan sa mga lugar na pinakadinarayo ng mga turista: isla ng Boracay sa Aklan, Underground River ng Puerto Princesa sa Palawan, Chocolate Hills sa Bohol, Bulkang Mayon sa Albay, at Banaue Rice Terraces sa Ifugao. Nakaaakit din ng mga dayo ang mga lungsod ng Manila, Baguio, Vigan, Cebu, at Davao.

Ang Pilipinas bukod malilinis nating tubig-dagat, mala-pulbos na buhangin at magagandang dalampasigan, at iba pang kaaya-ayang tanawin, mas kilala rin tayong mga Pilipino sa ating likas na pagkamagiliw at sa mabuting pakikitungo sa kapwa. Kaya naman hindi na nakagugulat na ang Pilipinas ay nananatiling isa sa mga nangungunang destinasyon ng mga dayuhang turista. Sagana sa mga tourist destination ang Pilipinas at talaga namang maipagmamalaki natin ito sa mga dayuhan. Kaya naman bilang mga Pilipino, huwag tayong maging dayuhan sa sarili nating bayan. Tangkilikin, bisitahin at mahalin natin dahil kanino pa ba magmumula ang pagmamahal sa ating bansa kungdi mismong sa ating mga Pilipino.

1.4 Ang Turismo bilang katuwang ng pag-unlad ng Komunidad at Ekonomiya

Ang turismo ay naging isa sa napakahalagang sektor sa pandaigdigang ekonomiya. Ang mga pag-aaral tungkol dito ay inaasahang lalawak upang suportahan at mapaunlad ang industriyang panturismo. Bilang isang pang-ekonomiya, sosyal at kultural na gawain sa lahat ng aspeto upang mapabilis ang pagpapaunlad nito. (World Tourism Organization, 2013). Napatunayan na umabot sa isang bilyon ang bilang ng turista mula noong 2011 hanggang 2012 tumaas ito ng 4%. Nagpapakita ito ng patuloy na pagdami ng bilang ng mga taong dumarayo sa isang lugae na makakatulong ng malaki sa industriya ng turismo. (United Nation Tourism Org. 2013).

Ayon kay Zurab Pololikashvili (2022) Sa buong mundo, sa mga bansang umuunlad pa lamang ay maraming trabaho at negosyo ang nakadepende sa malakas at umuusbong na turismo. Ang turismo rin ang nagsisilbing puwersang tumutulak upang protektahan ang mga natural at kultural na pamana nang sa gayon ito ay mapangalaan para sa mga susunod pang henerasyon. Ang mga nasabing pahayag ng UNWTO ang isang basehan na nagpapatunay na kailangang pag-aralan ang mga natatanging turismo ng bawat lugar nang sa gayon ito ay maprotektahan at mapangalagaan upang mapakinabangan pa ng mga susunod na henerasyon.

Ayon nga sa pag-aaral nina Ralota et. al (2021) na pinamagatang “Assessment of Sustainable Tourism in Region 7 and Its Implication” natuklasan sa kanilang pag-aaral na ang turismo upang maging sustenable ay nangangailangan ng suporta ng komunidad at ng lokal na pamahalaan kung saan ito nakabase. Sa pag-aaral naman ni Florido-Benitez (2022) Ang digital at mobile na marketing, imprastruktura, branding, kalidad, aksibilidad at impormasyon tungkol sa isang partikular na destinasyon na kalimitang mga salik na hinihingi ng mga turista ay itinuturing na isang mahalagang paraan ng promosyon para sa industriya ng turismo. Ito nga ang layunin ng pag-aaral na ito. Ang makapagbigay ng mga impormasyon sa paraang pasulat o nakalathala upang ito’y hindi maging limitado at maaaring mabasa ng lahat.

Base sa pag-aaral ni Florido-Benitez, (2022) isa sa mga hinahanap ng mga turista ay ang mga impormasyon tungkol sa lugar na kanilang pinupuntahan na nagsisilbi ring promosyon na nasabing atraksyon. Ipinapakita lamang nito na mahalaga ang pagkakaroon ng patalastas sa pag-usbong at pag-unlad ng isang turismong atraksyon kagaya na lamang ng pahayag ni Florido-Benitez, L. (2022) na isa sa mga salik na hinahanap ng mga turista ay ang mga promosyong digital o mga impormasyon tungkol sa kanilang destinasyon. Turismo ay isang malaking bahagi ng ekonomiya ng maraming mga pamayanan sa buong mundo. Ito ay tumutulong sa pagpapaunlad ng lokal na ekonomiya sa pamamagitan ng pagdudulot ng mga dayuhang bisita at ng pagpapakita ng mga katangian at ganda ng isang lugar. Ang mga pamayanan ay may maraming mga bagay na maipagmamalaki, kabilang ang kanilang kultura, tradisyon, kasaysayan, at mga gawaing pangturismo. Ang mga

pamayanan ay maaaring magpakatino ng kanilang mga katangian sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga ito sa mga dayuhang bisita sa pamamagitan ng mga gawain tulad ng mga festival, mga pagtatanghal ng mga kultura, at iba pa.

Ang turismo ay hindi lamang nagdudulot ng ekonomikong kabutihan sa isang pamayanan, kundi pati na rin ng mga kultural at sosyal na benepisyo. Ito ay nagbibigay ng mga pagkakataon sa mga tao na matutunan at mapahalagahan ang iba't ibang mga kultura at tradisyon ng iba't ibang mga pamayanan. Napakahalaga ng turismo sa ating ekonomiya bukod sa iba pang mga bagay ito ay pinagkukunan ng kita at trabahong tumutulong sap ag-unlad ng pampook ang pera na ginugol ng mga turista ay maaaring gamitin ng ilang beses at para kumalat sa iba't-ibang sector ng ekonomiya. Ang wika ay may malaking epekto sa pagpapaunlad at pagpapatatag sa ekonomiya ng bansa. Ito ay isang instrumentong ginagamit sa ugnayan at transaksyon ng bawat tao sa ekonomiya. Malaki rin ang ambag ng turismo sa bansa. Ang pagsasaling wika ang pangunahing kadahilan kung bakit patuloy na tumataas ay tumatag ang ekonomiya. Kung ang bansa ay wala nito, magkakaroon hindi pagkakaunawaan at maaaring humantong sa pagbagsak sa ekonomiya ng ating bansa.

Sa kabuuan, ang turismo ay isang mahalagang bahagi ng maraming mga pamayanan sa buong mundo. Ito ay nagbibigay ng mga kabutihang ekonomiko at kultural sa mga pamayanan at nagbibigay ng mga pagkakataon sa mga tao na matutunan at mapahalagahan ang iba't ibang mga kultura at tradisyon ng iba't ibang mga pamayanan.

1.5 Ang sariling wika bilang midyum ng pagpapakilala sa Turismo ng bansa

Ayon kay Alizadeh, A. (2011), inihayag ang linggwistiko at kultural na elemento ng mga teksto ng turista at ang mga pamamaraan ng pagsasalin ng mga ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng ilang mga halimbawa ng mga teksto na nagpapakilala at nagsasaad ng mga atraksyong pinupuntahan ng mga turista sa Iran. Ang domestikasyon at pandayuhang estratehiya ang mga diskarteng ginagamit na karaniwang gamit sa mga pag-aaral sa pagsasalin at bawat isa sa kanila ay may sariling pakinabang at kawalan sa pagsasalin ng mga teksto na pangturista. Ang mga bentahe para sa pagdomestic ay kinabibilangan ng pagpapanatili ang pagkakaiba ng teksto, nakakakuha ng pag-unawa sa mambabasa ng isinalin na teksto at nakakuha ng interes ng mambabasa. Ngunit pinakamalaking kahinaan ng pagsasalin ang mga elemento ng kultura at makasaysayang orihinal ay maaaring mawala sa pagsasalin.

Ang mga kahinaan ng hindi pagsasalin ay ang hindi pagkonsidera sa pag-unawa ng mambabasa, at ang pagpapaandar ng pangganyak at atraksyon para sa mga turista ay maaaring mawala sapagkat di nila nauunawan. Ang papel na ito ay nagtatalo na alinman sa kanila ay maaaring malutas ang lahat ng mga problema na nauugnay sa paghahanda ng panturistang teksto at materyales at isinalin ang mga ito mula sa Persian (Ang wikang sinasalita sa Iran) sa Ingles. Ang pangunahing pokus ng ang papel na ito ay upang makahanap ng isang bagong diskarte para sa pagsasalin ng mga teksto ng turista na maaaring i-highlight at ipakilala ang kultura ng Iran sa target na madla habang pinapanatiling buo ang kultura ng bansa. Ang turismo ay isang instrumento ng pag-unlad ng keonomiya bilang isang daluyan ng paghahatid ng kultura at komunikasyon, ang teksto ng turismo ay ang mahalagang link upang maisulong ang napapanatiling pag-unlad ng industriya ng turismo, at ang paggamot ng mga salitang puno ng kultura kung saan natutukoy kung ang mga teksto sa Ingles ay maaaring maglaro ng kaukulang papel sa komunikasyon sa pagitan ng magkakaibang lahi.

Isa sa mga ito ay naglalahad na ang kakayahang makipagtransaksiyon sa mga malaking mamimili gamit ang kanilang wika ay isa sa mga susi sa pag unlad ng kanilang mga negosyo. Mababatid ang malaking ginagampang papel nito sa paglago o pag unlad ng ekonomiya ng bansang Japan. Hindi lamang ang bansang Japan ay may ganitong Sistema, katulad din ng mga karatig nating bansa katulad ng Korea at Taiwan, sila ay may kaparehong pananaw sa paggamit ng sariling wika. Malaki ang ginagampang papel ng ating wika sa pagkakaroon ng malagong Negosyo. Ito ang nagging ugat at susi ng ibat-ibang bansa tungo sa pagpapataas ng turismo sa kani-kanilang bansa.

Ayon sa pag-aaral ni Tacbad (2014), bagaman Ingles ang wika ng komersyo, hindi pa rin ito susi sa

kaunlaran ng bansa. Nangangahulugan lamang ito na hindi lang ang paggamit ng Wikang Ingles ang solusyon upang maiangat ang bansa. Sa pag-aaral ni Cabuhay (2015), sinabi na kapag walang transaksyon, walang ekonomiya. Ang wika umano ay isang paraan ng paggawa ng transaksyon. Binanggit din niya na lahat ng transaksyon. Binanggit din niya lahat ng nangyayari sa ekonomiya ay batay sa kung paano ito maiintintihan kung kaya't dapat ay maipahayag ng malinaw sa iba ang iyong naiintindihan. Dahil dito, masasabi na ang wikang pambansa ay may malaking papel na ginagampanan sa pagpapaunlad ng bansa.

Napag-alaman din sap ag-aaral ni Greahouse-Amador, (banggit ni Lew et.al,2014) na ang mga nagsasalita ng ibat-ibang katutubong wika ay ang nakikita ng mga turista na pinakamahalaga o may magandang maidudulot sa turismo, na kung saan maari nilang gamitin ang kanilang kakayahan upang ipakita ang kanilang kultura. Sinabi rin niya na ang kadalasan na ginagawa at ginagaya nila ang kultura ng mga taong nakatira rito maging ang wikang sinasalita nito.

Sa pag-aaral naman ni Wejher (2015) ang patalastas ay nakadepende sa wika. Sapagkat ito ay may Magandang maidudulot mula sa espisipikong tanda o simbolo na kung saan mahalaga sa patalastas upang makuha ang isang particular na resulta. Ayon sa pag-aaral ng Kagawaran ng Turismo mas marami paring local na turista ang nagbabakasyon. Upang magkaroon ng mas mabisang paanyaya marapat lamang na gamitiin ang sariling wika sa pagsasagawa ng patalastas upang mas laong himukin ang ating kapwa Pilipino sa pamamasyal sa sariling bansa. Isang patunay dito ang bansang Japan na maunlad dahil sa paggamit nila ng sariling wika sa paghihikayat ng turista.

Ayon nga sa pag-aaral nina Jolo at Marbella (2017) mas marami ang turistang Pilipino o turistang lokal kaysa sa mga dayuhang turista kaya nararapat lamang na gamitin ang wikang Filipino pagdating sa mga usaping pang-turismo. Ang Wikang Filipino ay isa sa pinakamabisang gamitin na midyum sa paglalahad ng mga istoryang ito sapagkat ito ang pambansang wika at higit na nauunawaan ng nakakarami. Ayon nga sa Artikulo XIV ng Saligang Batas 1987 Seksyon 76 ukol sa mga layunin ng komunikasyon at pagtuturo, ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino at hangga't walang itinatadhana ang batas, Ingles. Pinagtibay pa ang batas na ito ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 3357 na nilagdaan ni Pangulong Corazon C. Aquino na nagsasabing dapat gamitin ng lahat ng tanggapang pampamahalaan ang wikang filipino para sa kanilang opisyal na transakyon, komunikasyon at korespondensiya. Ang paggamit ng wikang Filipino ay mas makakatulong lalo sa paraan ng pag-aadbertismo dahil higit itong nauunawaan ng karamihan.

Ayon kay Villanueva (2018), upang mamalas ang gampanin ng wika sa pagpapaunlad ng bansa, nararapat lamang na ang wika ay ginagamit, nauunawaan at patuloy na pinayayaman ng lahat ng lipunan. Ito ay isang patunay na napakaganda kung pahahalagahan, tatangkilikin, papaunlarin, at pagyayamanin natin ang sariling wika kasabay ng pagpapakilala ng anumang yaman ng bansa lalo na sa pagpapakilala ng turismo na may malaking ambag sa pagpapataas ng ekonomiya ng isang bansa.

Ang layuning mapaunlad ang turismo ng isang bansa ay maaring maisakatuparan sa pamamagitan ng pagtagkilik at paggamit sa ating sariling wika sa pagsasagawa ng mga sulatin o kaya patalastas na sumasalin at nagpapakilala sa ating pinamulang bayan o bansa. Sa mga sumunod na pag-aaral na nabanggit binigyang diin na madaling maunawaan ng mga turistang Pilipino ang patalastas na nakalimbag sa wikang Filipino at mapapadali ang paggawa at pag-unawa sa mga patalastas, alituntunin at direksiyon kapag ito'y nakalimbag sa wikang Filipino. Nangangahulugan naman ito na mas magiging madali ang komunikasyon at pag unawa kung nakalimbag sa wikang Filipino ang mga patalastas. Gayundin ang mga alituntunin at direksiyon dahil ang wikang Filipino ay nauunawaan ng lahat. Gayundin ang paghikayat sa mga mamayana at dalubhasa na mag isip ng mga paraan upang mapalago ang industriya ng turista alinsunod sa pagpapakilala sa kagandahan ng lugar.

Sa kasalukuyang panahon ng madaliang pagkilos at paglalakbay, ang turismo ay kinilalang instrumento ng pag-unlad ng ekonomiya ng bawat bansa. Isa na dito ang bansang Pilipinas. Ang Pilipinas ay isa sa mga bansang biniyayaan ng mga yamang pang kalikasan. Resulta nito ay ang pag dami ng turistang pumapasyal sa Pilipinas. Dahil sa paglobo ng industriyang turismo, ang mga bansa ay namumuhunan ng malaki dito. Isa sa mahalagang

gamit sa turismo ay ang pagsasaling wika. Ayon kay Peter Ward (2018) Ang wika ay isa sa mga pangunahing pagkakaiba sa kultura upang galugarin kapag bumibisita sa isang bagong lugar, ngunit maaari rin itong maging isa sa mga hadlang na dapat pagtagumpayan ng mga turista. Ang wika ay sumasalamin sa kultura ng isang lugar. Kung kaya't sa pagsulong ng turismo ay mayroong nagaganap na pagsasaling wika upang magkaron ng pagkakaintindihan sa kabila ng pagkaka-iba ng kultura.

Sa kabilang banda, mapapansin na halos lahat ng patungkol sa turismo ay nakalimbag sa wikang Ingles kahit na hindi naman lahat ng turista ay dayuhan. Sa katunayan, mas madami pa din ang turistang Pilipino na mas madaling mauunawaan ang sariling wika, ang wikang Filipino. Ayon kay Villanueva, upang mamalas ang gampanin ng wika sa pagpapaunlad ng bansa, nararapat lamang na ang wika ay ginagamit, nauunawaan, at patuloy na pinayayaman ng lahat ng sektor ng lipunan. Isa lamang itong patunay na kailangang magkaisa tayong gamitin, at pagyamanin ang sariling wika kasabay ng pagpapakilala ng anumang yaman ng bansa.

Bilang mga Pilipino, marapat lamang na pahahalagahan at tatangkilikin natin ang sariling wika kasabay ng pagpapakilala, at pagpapataas ng ating turismo. Ito ang nagpukaw sa atensyon ng mga mananaliksik upang suriin ang kahalagahan ng pagsasalin sa pag-ugnay ng mga kultura at sa turismo. Sa pananaliksik na ito maipapakita kung paano mapag-uugnay ang kultura sa pamamagitan ng pagsasaling wika sa industriya ng turismo Kasaysayan ng Pag-aaral Malaki ang papel na ginampanan ng pagsasaling-wika. Nakatulong ito upang lubos na makilala ng mga tao ang pagkakaiba ng dalawang magkaibang wika sa istruktura at sa kulturang nakabigkis sa bawat isa.

1.6 Ang Kalagayan ng Turismo ng Pilipinas sa Kasalukuyan

Ang kalagayan ng turismo ng Pilipinas sa kasalukuyan ay nakasisiya ngunit may mga hamon at balakid na kailangan ayusin upang mapaunlad ito (Tugano, 2024). Sa mga nakalipas na taon, ang pandemya ng COVID-19 ay nagdulot ng maraming problema sa industriya ng turismo, kabilang ang pagbaba ng bilang ng mga bisita at ang mga limitasyong ipinataw sa mga aktibidad ng turismo. Gayunpaman, ang gobyerno ay nagpapatakbo ng mga programa upang makapagpabuti ang kalagayan ng turismo, kabilang ang pagpapalawig ng mga imprastruktura at ang pagsisikap na makapagbigay ng mas mabuting imahe ng Pilipinas sa mga dayuhang bisita.

Ang mga lokal na mga mamamayan ay dapat iugnay sa mga gawaing panturismo at makibahagi nang pantay sa mga benepisyong pangkabuhayan, panlipunan at pangkultura na kanilang nilikha, lalo na ang paglikha ng tuwiran at di-tuwirang trabaho na bunga nito; Ang mga patakarang panturismo ay dapat pairalin sa paraang makatutulong na mapataas ang pamantayan ng pamumuhay ng mga mamamayan ng mga rehiyong pinuntahan at matugunan ang kanilang mga pangangailangan; ang pagpapalano at lapit arkitektural sa at ang operasyon ng mga resort at akomodasyong panturismo ay dapat maglayong mapag-isa sila, hangga't maaari, sa lokal na kabuhayan at lipunang balangkas; kung saan pantay-pantay ang kasanayan, ang priyoridad ay dapat ipagkaloob sa lokal na laang-bisig; Dapat pag-ukulan ng higit na pansin ang mga partikular na suliranin ng baybay-dagat at mga teritoryong isla at sa mga rehiyong rural o bulubundukin na namimingit sa kapahamakan, na ang turismo ay kadalasang kumakatawan sa pambihirang pagkakataon sa pagpapaunlad sa harap ng humihinang tradisyunal na mga gawaing pangkabuhayan; Ang mga propesyonal sa turismo, lalo na ang mga namumuhunan, na nasasaklawan ng mga regulasyong ipinatutupad ng mga awtoridad pambayan, ay dapat magsagawa ng mga pag-aaral sa epekto ng kanilang mga proyekto sa pagpapaunlad sa paligid at sa likas na kapaligiran; dapat din nilang maipabatid, taglay ang pagiging malinaw at obhetibo, ang impormasyon hinggil sa kanilang mga programa sa hinaharap at ang 13 kanilang nakini-kinitang resulta at ganyakin ang kanilang pakikipagdayalog sa mga kinauukulang mamamayan ukol sa nilalaman ng mga iyon.

Turismo, ang gawaing pinakamadalas iniuugnay sa pagpapahinga at paglilibang, isports at kontak sa kultura at kalikasan, ay dapat iplano at isagawa bilang isang pribilehiyo sa kaganapang pang-indibidwal at pangkatan; na kapag isinagawa ng may bukas na pag-iisip, isa itong di maaaring palitang salik ng sariling pag-aaral, pagpapaubaya sa isa't isa at sa pagkatuto hinggil sa lehitimong pagkakaiba ng mga tao at kultura at ang kanilang

pagkakaiba-iba.

Dapat igalang ng mga gawaing panturismo ang pagkakapantay-pantay ng babae at lalaki; dapat nilang itaguyod ang mga karapatang pantao at higit sa lahat, ang indibidwal na karapatan ng mga nasa pangkat ng pinakasensitibo, lalo na ng mga bata, matatanda, may-kapansanan, mga minoryang lipi at mga taong katutubo. Ang turismo ay hindi lamang tungkol sa mga tourist spots ng bayan. Ito rin tungkol sa pangangalaga ng ating kalikasan. Kasama din sa turismo, ang ibang aspeto ng ating lipunan, gaya ng kalidad ng ating service sector pati na ng transport sector. Ang turismo, sa pangkalahatan, ay ang paggalaw ng isang tao o mga tao sa isang lugar, malapit man o malayo, para sa paglibang, negosyo, at iba pang mga layunin. Ito ang isa sa mga pangunahing pinagkukunan ng hanapbuhay ng mga tao saan mang dako ng Pilipinas. Sa paglipas ng panahon, unti-unting nagbago ang proseso ng turismo. Kung ating ihahambing ang layunin ng paglalakbay noong unang panahon at ngayon, makikita natin na naglalakbay ang mga tao noon para mangalakal at magnegosyo, samantalang ngayon, naglalakbay ang mga tao sa kanilang sariling kadahilanan –maglibang, mangalakal, at kung ano pa.

1.7 Ang Bayan ng Pilar at Turismo nito

Ang bayan ng Pilar ay lumaki mula sa Abucay-Catamlangan Mission na itinatag ng mga Kastila mula sa Gibalong (ngayon ay Magallanes). Ang lugar ay umunlad sa panahon ng Galleon Trade sa pagitan ng Pilipinas at Mexico. Ito ay naging sentro ng paggawa ng barko dahil sa pagkakaroon ng troso. Nang maglaon, ang misyon ay naging Visita de Santo Niño, bahagi ng Cagsawa sa Albay. Ang Pilar ay itinuturing na isang monocrop agricultural town na may mga puno ng niyog sa lahat ng dako. Ngunit ang maliliit na bahagi ng lupa ay nakatanim ng palay at gulay at ilang pamilya ang nag-aalaga ng manok at baboy. Ang isda ay ang pangalawang pinakamahalagang produkto. Sa Barangay San Antonio, isang fish loading pier ang itinayo upang suportahan ang mga lokal na mangingisda sa pagdadala sa pampang ng kanilang pang-araw-araw na huli. Ang Bayan ng Pilar ay matatagpuan sa hilagang-kanlurang bahagi ng Lalawigan ng Sorsogon, na nasa pinakatimog na dulo ng Isla ng Luzon. Ito ay 57 kilometro ang layo ng kalsada mula sa kabiserang bayan ng lalawigan ng Sorsogon at 47 kilometro sa timog ng Legazpi City. Ang mga heograpiikal na coordinate nito ay 12-55-44.117 hilagang latitud at 123-39-52.280 silangang longhitud.

Ang Pilar ay may kabuuang Lupain na 24,813.33 ektarya- ang Pinakamalaki sa labing-apat na bayan ng Sorsogon. Mayroon itong 49 na barangay, apat sa mga ito ay itinuturing na urban, labing-apat ay itinuturing na coastal barangay at ang iba ay nasa loob o sa kahabaan ng national road. Sa pakikipag ungyan ng mananaliksik sa lokal na sangay ng turismo ng bayan ng Pilar, masasabing kakaunti pa lamang ang mga mga anunsyo o patalastas na nagpapakilala sa kagandahan ng turismo na taglay ng Pilar. Sa taunang Parau Festival kalimitang naipapalabas ang mga patalastas o paghikayat sa turistang nais bumisita rito, katulad na lamang ng EXPLOREPILAR na patalastas na ibinibida tuwing may patimpalak o kaganapan na isinasagawa ang naturang bayan. Naging obserbasyon din ng mananaliksik na may magagandang tanawin at destinasyon ang bayan na hindi pa gaanong nadidibelop kung kaya't patuloy parin itong nakakubli ay hindi napapansin kung kaya't ito ay malimit pang napupuntahan ng mga turista upang maipakilala.

Ang mga nabanggit na kadahilanan ang nagsilbing daan upang magkaroon ng pag-aaral tungkol dito. Ang pananaliksik na ito ay naglalayong ipakilala ang Turismong Pilareno at upang magamit ang Wikang Filipino bilang midyum sa mga dokumento, anunsyo o patalastas. Ito ay magsisilbing daan upang maiangat ang turismo sa bayan ng Pilar. Ang munisipalidad ng Pilar ay may napakaraming mga atraksyong panturista at mga mapagpipiliang paglalak. Sa mga mahilig magbabad sa mapayapang bucolic life, ang tour sa Pilar ay mainam. Kabilang sa mga hindi nasisira na likas na atraksyon ay ang mga siglong gulang na bakawan na lumalago nang sagana sa masungit na baybayin ng lugar ng Baliwagan at lugar ng Panikihan na inaalok para sa mga aktibidad na pamilyar sa bakawan.

Pang-agrikultura ang ekonomiya ni Pilar. Sa kabila ng mga pagsisikap sa sari-saring uri ito ay lubos na nakadepende sa monoculture ng niyog na nakatanim sa 70% ng kabuuang lawak ng lupa nito. Dahil dito ito ay

isang pangunahing tagapagtustos ng kopra sa industriya ng paggiling ng langis ng niyog sa Bicol. Kabilang sa iba pang karaniwang produktong pang-agrikultura ang palay, mais, saging, pananim na ugat, gulay at iba't ibang tropikal na prutas. Sa tabi ng pagsasaka sa agrikultura, ang pangangisda ang pinakakaraniwang gawaing pang-ekonomiya at ang pangunahing pinagkukunan ng kita ng maraming residente sa baybayin. Pagkatapos ng lahat, ang Pilar ay itinuturing na isa sa pinakamayamang lugar ng pangangisda. Tungkol sa mga yamang mineral, tinatayang 217,000,000 metriko tonelada ng perlite at limestone deposit ang naroroon sa Pilar-Donsol area gaya ng iniulat ng Department of Environment & Natural Resources-region V.

Ganap na umaasa ang Pilar mula sa labas ng mga pinagkukunan para sa mga consumable at consumer durable finished products nito. Dinala ng mga distributor, jobbers, manufactures mismo, at ng mga lokal na may-ari ng tindahan, ang mga natapos na produkto na ito ay nakarating sa isang network ng mga wholesaler at retailer. Ang mga tindahan na ang pangunahing pinagkakaabalahan ay ang pangangalakal ng mga kalakal na ito ay nangingibabaw sa komersyal na aktibidad ng Pilar. Ang mga wholesaler ay karaniwang nagbebenta ng consumer at iba pang input goods sa mga retailer, karamihan ay mga general (sari-sari) store na nagseserbisyo sa isang partikular na lugar. Ang mga retail na tindahan ay halos 70% ng mga establisyimento ng negosyo. Nagbebenta rin sila ng mga input sa agrikultura, konstruksiyon, at mga tindahang nakabatay sa craft-&trade. Bilang ginustong gateway ng ilang residente ng Masbate sa Bicol, ang Pilar ay mabilis na nagiging transshipment point ng mga kalakal at mula sa isla ng Ticao at maging sa Masbate Island mismo. Ito ay matapos ang pagpapabuti ng port at ang pagkumpleto ng pagkonkreto ng kalsadang nagdudugtong sa Pilar sa pangunahing national highway.

Natupad ng Inter-Faith Program ang pangarap ng yumaong Mayor Manny T. Sia, iyon ay, pagkakaibigan sa magkakaibang pananampalataya, at napatunayan din na ang iba't ibang sekta ng relihiyon ay maaaring magtulongan sa pakikipagtulungan sa gobyerno para sa kabutihang panlahat. Nilikha upang ipatupad ang programa, ang Pilar Heritage and Tourism Council, ay mayroon na ngayong labintatlong sekta ng relihiyon bilang mga miyembro na kinakatawan ng kani-kanilang mga pinuno ng simbahan. Pinangasiwaan na ng Konsehong ito ang Pilar Interfaith Memorial Park, na matatagpuan sa barangay Sta. Fe at ang programang Turismo ng lokal na pamahalaan.

Alinsunod sa R.A. 9003 at hango sa Misyong at Visyon ng Lokal na Pamahalaan, ang kapaligirang kalinisan at pamamahala ay nagiging isa sa mga prayoridad na programa ng Lokal na Punong Tagapagpaganap. Ito ay higit na ipinatupad sa pamamagitan ng pagsasabatas ng Municipal Ordinance No. 002, serye ng 2005. Isang Environmental Sanitation and Management Unit (ESMU) na binubuo ng tatlong (3) iba't ibang seksyon, ang binuo para ipatupad ang Environmental Management Program ng munisipyo. Ang unang seksyon ay ang Clean and Green task force na inatasan, bukod sa iba pa, para sa mga aktibidad sa pagpapaganda sa munisipyo; ang pangalawang seksyon ay ang Environmental sanitation and Management Inspectors, na nakatalaga para sa pagpapakalat ng impormasyon sa pamamahala ng basura, pagpapatupad ng trapiko at mga kaugnay na pagpapatupad ng mga munisipal na ordinansa; ang ikatlong seksyon ay ang pangkalahatang Serbisyo na nakatalaga sa pagpapanatili ng kalinisan ng lugar ng LGU, pagkolekta ng residential at commercial na basura, ang pamamahala ng dump site at ang iminungkahing Organic Fertilizer Plant. Ang iba pang aktibidad na isinagawa ng programang ito ay ang: pagtatanim ng puno, paglilinis ng mga baybayin, at iba pang gawaing may kaugnayan sa pangangalaga at pangangalaga sa kapaligiran katuwag rin sa pagpapaunlad ng Turismo ng Pilar.

Layunin

Natiyak sa pag-aaral na ito na matukoy ang mga atraksyong panturismo sa bayan ng Pilar. Sinagot sa pag-aaral ang sumusunod: 1) malaman ang mga atraksyong panturismo sa Pilar batay sa: a) deskripsyon ng lugar, at b) potensyal na ambag sa pamumuhay sa komunidad at 2) paraan ng pagpapakilala ng atraksyong panturismo.

2. Metodolohiya

Natiyak sa pag-aaral na ito na matukoy ang mga atraksyong panturismo sa bayan ng Pilar.

Deskriptib-kwalitatib ang disenyo na ginamit sa paglilikom ng mga datos. Ang mga partisipant sa pag-aaral na ito ay magmumula sa komunidad ng Pilar, mga kawani ng Kagawaran ng Turismo, mga kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at mga kawani ng lokal na pamahalaan. Purposive sampling ang ginamit sa pagpili ng 200 partisipant, 50 partisipant mula sa pangkat ng komunidad na kinabibilangan ng, 50 sa kagawaran ng turismo, 50 sa lokal na pamahalaan at 50 sa kagawan ng edukasyon. Boluntaryo ang paglahok ng mga kalahok at pinapirma sila ng consent form bilang patunay ng kanilang pahintulot. Sinunod din sa pananaliksik ang mga alituntunin ng Data Privacy Act (RA 10173) upang maprotektahan ang kanilang personal na impormasyon. Ginamit ang sarbey at interbyu skedyul sa pag-alam ng mga natatanging yaman sa bayan ng Pilar at maging ang mga ambag ng atraksyong panturismo sa komunidad, turismo, pamahalaan at edukasyon. Ginamit din ang sarbey upang matukoy ang paraan ng pagpapakilala ng mga atraksyong nahanap. Binigyan ng interpretasyon ang mga datos na nakalap sa tulong ng pagbuo ng tematik-analisis.

3. Natuklasan

Inilahad sa bahaging ito ang interpretasyo sa mga nakalap na na datos buhat sa mg kalahok sa pag-aaral na ito. Nagsilbing kasagutan sa mga suliraning inilahad ang mga nakuhang sagot batay sa resulta ng pag-aaral na ito. Pasunod sunod na inilahad ang mga datos.

3.1 *Ang mga atraksyong panturismo sa Pilar*

Deskripsyon ng lugar. Ang mga larawang matutunghayan at impormasyon na nakatalala ay ang ipinagamalaking atraksiyong panturiso sa bayan ng Pilar. Ang mga atrasiyong ito ay nagpapatunay na ang Pilar ay isa sa may pinaka-magaganda at natatanging destinasyon sa probinsya ng Sorsogon.

Gandang Pilar . Sa pakikinyam ng mananaliksik sa mga residente sa bayan ng Pilar, karamihan sa mga atraksiyong panturismo ng lugar ay matatagpuan sa mga coastal area nito. Katulad na lamang ng limang (5) atraksiyong panturismo na napuntahan ng mananaliksik, katulad ng Panumbagan Sandbar, Kubkob Lighthouse, Astellero de Panlatuan, Lato sa Panlatuan at maging ang Bantigue Point and Marine Sanctuary Reserve na naging masiglang panturismong atraksiyon sa bayan. Ito ay naging masiglang puntahan ng mga turista dahil sa tinataglay nitong natural na ganda. Ang mga pook pasyalan ring ito ay mayroong mga natatanging kwento kung kaya't ito ay pinupuntahan ng mga tao at binabalikan. Ayon sa nakapanayam ng mananaliksik ang shipyard na ginawa sa Panlatuan Pilar ay makasaysayan noong panahon ng mga Kastila. Ang mga pook pasyalan na mayroon ang Pilar ay sumasalamin sa mga natatanging yaman mayroon ang lugar. Hindi lamang ng atraksiyon rito pati na rin ng identidad ng isang lugar.

Ang **Kubkob Lighthouse** na matatagpuan sa Inapugan, Pilar, Sorsogon ay tinaguriang "Little Batanes ng Pilar" dahil sa magagandang tanawin at mala Batanes na ambiance ng paligid. Isa ito sa mga pangunahing tourist spot ng Pilar at kilala bilang magandang lugar para sa sightseeing at photography. Mula sa lighthouse, matatanaw ang lawak ng Pilar Bay at ang mga berdeng burol na nakapalibot dito. Bukod sa tanawin, nagbibigay rin ito ng gabay sa mga mangingingisda at bangkang dumaraan sa lugar, kaya mahalaga ito sa lokal na komunidad at turismo ng bayan.

Samantalang ang ang **Kastila Cave** naman na matatagpuan sa Barangay Abucay, Pilar, Sorsogon ay kilala bilang isang lugar na may potensyal para sa produksyon ng guano, isang uri ng pataba na nagmula sa mga dumi ng paniki. Ito ay bahagi ng mga kuweba sa Pilar na may mahahalagang deposito ng guano na ginagamit sa paggawa ng pataba dahil sa mataas nitong nilalaman ng phosphatic minerals. Bukod sa pang-industriyang gamit, ang Kastila Cave ay bahagi rin ng likas na yaman ng lugar na may kahalagahan sa lokal na ekolohiya at kabuhayan (Pilar Sorsogon, n.d.; Department of Environment and Natural Resources, 2024).

Ang "**Lato**" naman sa Panlatuan, Pilar, Sorsogon ay isang uri ng masustansyang seaweed na kilala rin bilang *Caulerpa lentillifera*. Ang Panlatuan ay isang lugar na kilala bilang pinagmulan ng "lato," kaya't ang pangalan nito ay nagmula sa lokal na diyalekto na tumutukoy sa seaweed na ito. Kilala ang Panlatuan Cove

bilang isang likas na pinagkukunan ng "lato" na ginagamit sa iba't ibang pagkain at mayaman sa nutrisyon (Be Cool and Fun, 2014; Pilar Sorsogon WordPress, n.d.). Bukod dito, ang Panlatuan ay bahagi rin ng makasaysayang bayan ng Pilar na naging mahalagang lugar noong panahon ng Kastila dahil dito itinayo ang isang astillero o shipyard na naging sentro ng paggawa ng mga barko. Ang lokasyon nito sa Panlatuan Bay ay nagbigay ng ligtas na daungan at saganang likas na yaman tulad ng kahoy at abaka na ginamit sa paggawa ng mga barko (Pilar Sorsogon, 2024).

Ang **Bantigue Point at Marine Sanctuary Reserve** naman sa Inapugan, Pilar, Sorsogon ay kilalang destinasyon para sa diving at snorkeling dahil sa mayamang coral reefs at iba't ibang uri ng isda at iba pang lamang-dagat. Matatagpuan ito mga 30 minutong biyahe mula sa Pilar Pier gamit ang motorized banca. Para sa mga hindi marunong lumangoy o baguhan sa snorkeling, may mga gabay at kagamitan na ibinibigay upang masigurong ligtas at masaya ang karanasan (An Underwater World to Discover, n.d.; Sorsogon: more than just its whale sharks, 2024). Bukod sa pagiging isang marine protected area, ito rin ay isang tahimik na lugar na angkop para sa mga mahilig sa kalikasan at nais magpahinga habang nilalapas ang ganda ng dagat at hangin (Sorsogon: more than just its whale sharks, 2024).

Ang **Panumbagan Sandbar** naman ay isang tanyag na destinasyon sa Barangay Bantayan, Pilar, Sorsogon na kilala sa mahaba at mala-tamarindong hugis nitong sandbar na umaabot ng mahigit limang kilometro. Tampok dito ang maputing buhangin, malinaw na tubig, at tanawin ng mga bulkan ng Mayon at Bulusan na makikita mula sa isla tuwing maliwanag ang panahon (The Vineyard Patio, 2024; Benjie Layug, 2023). Bukod sa paglangoy at pagpapahinga, maaaring mag-snorkeling at magexplore ng marine sanctuary kung saan maaaring makita at tikman ang mga sariwang lato at sea urchin na inaani sa lugar (Tripadvisor, 2025; Benjie Layug, 2023). Madalas din itong puntahan ng mga mahilig sa kalikasan dahil sa payapa at hindi masyadong mataong kapaligiran, at minsan ay makakakita pa ng mga ibon at pawikan sa paligid (Be Cool and Fun, 2014). Ang Panumbagan Sandbar ay tunay na isang paraiso para sa mga nais magpahinga at magpakasawa sa natural na ganda ng Pilar.

Ang **Astillero de Panlatuan** naman ay isang makasaysayang shipyard noong panahon ng Kastila na matatagpuan sa Panlatuan, Pilar, Sorsogon. Ginamit ito bilang lugar ng paggawa at pagkukumpuni ng mga galyon na bahagi ng Manila-Acapulco Galleon Trade. Matatagpuan ito sa isang cove sa Panlatuan Bay na may malawak na bakawan, na nagsilbing ligtas na kanlungan para sa mga barko at manggagawa. Nang masira ang pangunahing astillero sa Bagatao Island dahil sa mga pagatake ng Moro pirates, inilipat ang operasyon sa Panlatuan matapos ang pagtatapos ng galleon trade noong 1650. Bukod sa pagiging sentro ng paggawa ng barko, naging lugar din ito ng pag-aalsa ng mga manggagawa laban sa pangaabuso ng mga Kastila noong 1898, na nagpasiklab ng rebolusyon sa Sorsogon. Sa kasalukuyan, makikita pa rin ang mga labi ng astillero tulad ng mga poste ng pantalan, watchtower, at mga kagamitan na nagpapakita ng kasaysayan ng lugar (Layug, 2013; The MUA, n.d.; Evendo, 2024; Pilar Sorsogon, 2024). T

Ang ganda ng kalikasan at aliwalas ng bayan naman sa **Christian John Resort and Hotel** — isang kilalang matutuluyang lugar sa Malbog, Pilar, Sorsogon! Isa ito sa mga inirerekomenda ng pamahalaang lokal, patunay na ito'y maaasahan at kinikilala ng marami. Mainam ito para sa mga nagnanais mamasyal sa paligid habang may maaliwalas at tahimik na matutuluyan. Sa gitna ng payapang kapaligirang rural, ang Christian John Resort and Hotel ay perpektong lugar para sa mga gustong magpahinga, magsamasama ang pamilya, o lumayo saglit sa magulong gawain sa lungsod. napapaligiran ng natural na anyong tubig at rock formations, malawak at malinis ang mga man made pools dito at maari ding tuklasin ang mga natural na anyong tubig sa paligid. Halina sa Christian John Resort and Hotel — kung saan ang ganda ng kalikasan ay kasabay ng ginhawa ng tahanan.

Ang **Egret Sanctuary** sa Pilar, Sorsogon ay matatagpuan sa Sacnangan, sa tabi ng Malbog River, at kilala bilang tahanan ng libu-libong puting ibon o egret. Ang mga egret dito ay migratory birds na dumarayo mula sa ibang bansa upang umiwas sa malamig na panahon at dahil na rin sa saganang pagkain sa lugar. Pinakamadaming egret na makikita mula Disyembre hanggang Mayo, ngunit may mga ibon dito buong taon (Be

Cool and Fun, 2017). Ang sanctuary ay matatagpuan sa ibabaw ng mga bakawan, na tumutulong sa pagpapanatili ng biodiversity ng lugar. Paboritong gawain ng mga turista ang bird watching, lalo na tuwing dapit-hapon kung kailan sabay-sabay na bumabalik ang mga ibon sa kanilang mga pugad (Splash of Yellow, 2008). Maaaring marating ang sanctuary sa pamamagitan ng river cruise o biyahe sa lupa, ngunit inirerekomenda na dumaan sa LGU Pilar Tourism Center para sa mas maginhawang pagbisita (Be Cool and Fun, 2017).

Pagdating naman sa taunang pagdiriwang ng bayan ng Pilar tuwing Octubre, Ang **Parau Festival** ay pagkilala sa kanilang kasaysayan at kultura, lalo na sa paggawa ng parau o tradisyunal na bangka (Festivalscape, n.d.; Pilar Sorsogon, 2018). Tampok dito ang mga aktibidad tulad ng float competition, street dancing, boat races, at trade fairs na nagpapakita ng galing at pagkakaisa ng mga Pilareño (Pilar Sorsogon, 2018). Ito rin ay pag-alala sa mga sakripisyo ng mga ninuno at tagumpay ng bayan sa kabila ng mga pagsubok (Festivalscape, n.d.).

Ang **Our Lady of the Pillar Parish** sa Pilar, Sorsogon ay itinatag bilang ganap na parokya noong 1862, isang taon matapos ideklara ang Pilar bilang isang hiwalay na bayan mula sa Albay. Ang parokya ay ipinangalan kay Our Lady of the Pillar bilang patrona, at ang imahe ng Birhen ay donasyon ng unang gobernadorcillo ng bayan, si Don Sabas Melissa. Ang pagkatatag ng parokya ay bahagi ng misyon ng mga Kastila na palaganapin ang Kristiyanismo sa rehiyon, matapos nilang itatag ang mga unang pamayanang Kristiyano sa Bicol noong huling bahagi ng ika-16 na siglo (Pilar Sorsogon, n.d.; Pilar Sorsogon, 2022). Hanggang ngayon, ang Our Lady of the Pillar Parish ay sentro ng pananampalataya at kultura ng mga tagaPilar (GCatholic, 2024).

Ang **Pilar Local and National Government Complex** naman na matatagpuan sa Calongay, Pilar, Sorsogon. Ito ang sentro ng mga pangunahing tanggapan ng pamahalaang lokal at pambansa sa bayan, kabilang ang munisipyo, mga opisina ng serbisyo publiko, at iba pang ahensya ng gobyerno. Dito rin ginaganap ang mahahalagang aktibidad at programa ng lokal at nasyonal na pamahalaan, gaya ng mga presentasyon ng proyekto at serbisyong panlipunan para sa mga mamamayan ng Pilar (Cities and Municipalities Competitive Index, 2024; Pilar Sorsogon, 2024). Ang complex na ito ay simbolo ng pagsusumikap ng LGU Pilar na mapabuti ang kalidad ng serbisyo at pamumuhay sa bayan. Sa pagtuklas ng kwento at kultura ng bayan ng Pilar mas lalong nitong papaunlarin at pagandahin ang atraksiyon o mga pook pasyalan para sa mga turista at mas maisaayos ang maiaalok na serbisyo, mapataas ang dumarayo sa bayan ng Pilar, maging tulay upang matuklasan ang natatanging yaman ng Pilar, mapataas ang bilang ng mga turistang dumarayo rito. Isa sa mga hinahanap ng mga turista ay ang impormasyon tungkol sa lugar na kanilang pupuntahan. Ito rin ay mga impormasyon para isulong ang atraksiyong iyon (Florido-Benetiz, 2022).

Ang mga destinasyon ng turista na may pamana ng kultura ay lumitaw bilang isang kilalang isyu sa panitikan ng turismo. Ang paglikha ng Positibong imahe ng destinasyon ay maaring makaimpluwensya sa kasiyahan ng mga turista upang bumalik (Jebbouri, Zhang, Imran, Igbal, at Bouchiba, 2022). Ang pagkakaroon ng positibong pagpapakilala sa atraksiyong Panturismo mayroon ang bayan ng Pilar ay tugon upang mas lalong makilalala at balik-balikan ang lugar. Mahalagang ibinabahagi nag kwentong pinagmulan ng bawat destinasyon upang napupukaw ang interes ng mga nais bumisita rito. Mahalagang makapagbahagi ng positibong karanasan, upang ang mga nagnanais pumunta rito ay may kasiyahan na maibabaon pati na rin ang hindi malilimutang karanasan na may galak sa puso at isipan.

Ayon naman kay Smith (2015) ang turismo ay nagpapatatag ng pangangalaga at pagpapahalaga sa mga pook na mayaman sa kultura, nagpapalaganap ng pag-unawa sa kultura, nagrerespeto sa mga tradisyon, at naghihiikayat sa pananaliksik at pag-aaral ng kultura. Ang mga positibong epekto ng turismo ay kinapapalooban ng mas mataas na interaksyon sa pagitan ng pag-aaral, pagpapahalaga, at pag-unawa sa lokal kultura, wika, mga kaugalian, tradisyon, pakikilahok ng mga komunidad sa destinasyon at pagpapahalaga sa mga mahahalagang pangyayare sa kultura.

Natuklasan sa pag-aaral ni (Cole 2007) na ang mga mamayan ay ipinagmamalaki ang kanilang turismo dahil ito'y nagpapalakas ng kanilang mga kultural na halaga. Binuksan ng Turismo ang pinto para sa pagpapalit ng mga kultural pagkakakilanlan. Ang mga pook pasyalan sa Pilar may kani-kanilang kwento o istoryang

pinagmulan kung paano ito nabuo. Ang iba ay sumasalamin sa pinagdaanan ng naturang lugar ang iba naman ay ipinangalan base sa kung paano ito nabuo. Ang mga turismo ito ay nakapagbigay ng saya at kita sa mga tao sa Pilar.

Potensyal na ambag sa pamumuhay sa komunidad . Mula sa sarbey at pakikipanayam na ginawa ng mananaliksik sa mga tao, kawani ng Kagawaran ng Turismo, lokal na pamahalaan, at sektor ng edukasyon, natukoy ang mga potenssyal na ambag ng atraksyong panturismo sa pamumuhay ng komunidad.

Ekonomikal na ambag sa komunidad. Ang hangaring mapaangat ang ekonomiya ng lugar ay naisasakatuparan sapamamagitan ng pagtaas ng turismo sa lugar. Ang pagkakaroon ng turismomg atraksiyon ng isang lugar nagreresulta sa positibong impak nito sa sariling bayan at komunidad. Sa pag dagsa ng mga turista nadaragdadan ang kita ng mga tao sa bayan. Sa pagdagsa ng mga turista unti-unti nitong naipapakillaa ang lugar kasabay ang pag-angat ng ekomiya ng lugar. Tugon sa pangangailangan ng tao sa komunidad malaking bagay ang pagkakaroon ng turismo sa isang lugar. Ang mga tao sa komunidad ay nabibigyan ng oportunidad na kumita at mapataas ang ekonomiya sa lugar. Ayon sa pakikinayam ng mananaliksik sa mga tao sa komunidad malaking tulong sakanila ang pagdayo ng mga turista sa lugar, pati Narin ang pagsasayos ng mga pook pasyalan kung saan nabibigyan ng trabaho ang mga tao sa komunidad. Ang pagkakaroon ng masiglang turismo sa isang lugar ay nag uudyok ng pagtaas ng ekomomiya sa lugar maging sa maliliit na tindahan ay malaki rin ang tulong na naidudulot sa pagsigla ng turismo sa lugar.

Binanggit ni Briones, et. al. (2013), sa pagpapanatili ng industriya ng turismo, ang mga tao sa isang lugar ay marapat na magbigay ng karagdagang serbisyo, upang mabigyan ng kasiyahan ang mga turista. Mapanatili ang kalidad ng produkto at ang Magandang katangian ng mga tao. At lumikha pa ng mga produkto na higit na magpapayaman at magpapaunlad ng ekonomiya. Malaking kabahagi ang Turismo sa pag-unlad ng isang lugar. Ito ay may kaakibat ng positibong maidudulot upang maipakilala at mapaunlad ang sariling bayan. Ito ay magsisisilbing lunsaran upang mapataas ang turismo sa bayan ng Pilar. Ang masiglang lokal na pamahalaan ay nagiging instrumento rin sa pagpapalawak at pagpapaunlad ng ekonomiya ng isang lugar. Ang pagdami ng dayuhang bisita ay nagreresulta sa mas maraming pagkakakitaan na papasok sa komunidad, na maaring magamit para sa pagpapatayo ng mga imprastraktura, serbisyo publiko, at iba pang proyekto na makikinabang ang mga lokal na na residente. Ang aktibong suporta at pangangasiwa ng lokal na pamahalaan ay nagdudulot ng positibong epekto hindi lamang sa ekonomiya kundi pati narin sa pag-unlad at kaunlaran ng buong komunidad.

Implikasyon nito na mahalaga ang partisipasyon ng lokal na pamahalaan upang maging maunlad ang isang lugar pangturismo. Ito'y maaring magdulot ng malawakang benepisyo hindi lamang sa ekonomiya kundi pati narin sa kabuuang pag-unlad ng komunidad. Ang pangangisda ang pinakakaraniwang gawaing pang-ekonomiya at ang pangunahing pinagkukunan ng kita ng maraming residente sa baybayin. Pagkatapos ng lahat, ang Pilar ay itinuturing na isa sa pinakamayamang lugar ng pangangisda. Tungkol sa mga yamang mineral, tinatayang 217,000,000 metriko tonelada ng perlite at limestone deposit ang naroroon sa Pilar-Donsol area gaya ng iniulat ng Department of Environment & Natural Resources-region V taong 2021. Ang mga produktong isda rin ang unang mga naiaalok sa mga turistang dumarayo rito na talagang kinasasabikan ng mga turista.

Ayon kina Banwell at Lane (2010) ang pagpapaunlad ng turismo ay isang proseso na kung saan kailangan dapat na nakaakma ang pangangailangan at interes ng turista, trabahono negosyong mayroon sila, mga tao na kabilang sa komunidad at pangangailangan sa proteksyon sa kapaligiran. Sinabi nila na ito ay lubos na nangangailangan din ng masusing pagpapalano at pagpapatupad ng pagkakaisa at pagtutulungan ng iba't ibang sektor upang maging maunlad ang turismo. Ang turismo ay kinikilala din ng karamihan bilang isang mahalagang sektor na nakakatulong sa ekonomiya ng bansa dahil sa patuloy napagbabayad ng mga dayuhan upang makapaglakbay. Ang industriya ng turismo aymakapagtaas ng kita ng empleyado at magsisisilbing tulay o daan sa pagbukas ng marami pang trabaho (Barnett, 2010).

Ang Turismo ay isang malaking bahagi ng ekonomiya ng maraming mga pamayanan sa buong mundo. Ito ay tumutulong sa pagpapaunlad ng lokal na ekonomiya sa pamamagitan ng pagdudulot ng mga dayuhang bisita

at ng pagpapakita ng mga katangian at ganda ng isang lugar. Ang mga pamayanan ay may maraming mga bagay na maipagmamalaki, kabilang ang kanilang kultura, tradisyon, kasaysayan, at mga gawaing pangturismo. Ang mga pamayanan ay maaaring magpakatino ng kanilang mga katangian sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga ito sa mga dayuhang bisita sa pamamagitan ng mga gawain tulad ng mga festival, mga pagtatanghal ng mga kultura, at iba pa.

3.2 Paraan ng pagpapakilala ng atraksiyong pantrismo

Ayon sa nakuhang resulta ng mananaliksik isang mabisang pamamaraan ay ang kagamitang magasin ng upang makapaghikayat ng turista. Hindi lamang ng mga lokal na turista ang mahikaya't nito maging ang mga dayuhan. Inaasahang sa tulong ng mga kagatiang ito maitataas ang bilang ng mga turistang bibisita o dadayu sa bayan ng Pilar. Magasin ang nangunang tugon ng mga kalahok kung saan ang paggamit nito ay karagdagang patalastas upang madaling maipamahagi sa bawat tursita ang angking ganda ng isang lugar. Hindi sapat na may nakasulat lamang, kailangan na sapamamagitan ng patalastas sa magasin na magsisilbing pampukaw sa kanilang interes upang ito'y puntahan o dayuhin. Ang mga nakatalang kasaysayan at pinagmulang ng turismong atraksiyon sa magasin ay nakatutulong upang ito'y tunguhin at balik-balikan.

Ang pagkakaroon ng flyers naman ang sumunod naging resulta na maaring maging kagamitan o material sa pagpapakilala ng turismong atraksiyon ng bayan ng Pilar. Ang flyers na naglalalaman ng mga espisipikong impormasyon ng turismo ng lugar na may naka suportang larawan ay isang mabisang paraan upang maipakilala ang destinasyon. Sumunod naman pamphlets na sumunod naging tugon sa isinagawang pangangalap ng datos ng mananaliksik. Ito'y mainam na maggamit upang maipakilla nag turismo sa pamamagitan ng imporasyon nakapaloob rito. Ito ay magiging gabay ng mga nais bumisita sa lugar.

Ang brochure o polyeto ay mainam ring kagamitan ayon sa mga kalahok upang maipakilala ang mga pook pasyalan dahil maari itong maipamahagi sa maraming tao. Nakapaloob rin sa mga kagamitang ito ang mga impormasyon at direksyon na kinakailangan upang maabot o mapuntahan ang pook pasyalan. Sumunod ang Journals kung san maari ditong mihayag ang personal na naging karansanan ng mga bumisita sa lugar, ang material na ito ay nakatutulong upang maibahagi ng mga turista ang kanilang positibong karanasan na maaring mapulutan ng interes ng mga susunod pang bibisita sa lugar.

Naging tugon rin nga mga kalahok nag Patalastas sa pahayagan kung saan binibigyang detalye at patalastas ang mga pook pasyalan ng isang lugar. Mahihihinuha sa patalastas sa pahayagang ito ang iba't-ibang pahayagan na nais ipakilala ng lugar. May mga kalakip na impormasyon at kung paano ito mapupunhan. Sa matinding kompetisyon ngayon, maramin destinasyon sa turismo ang gumagamit ng mga kwento para maakit ang mga bisita, at ang mga natuklasang ito ay maaring magbigay ng mga ideya para sa mga taga pamahala at marketer ng patutunguhan upang matulungan silang mas mahusay na magamit ang pagkukwento sa kanilang mga destinasyon (Kim at Youn, 2017).

Dagdag pa ni Choi (2016) nagpapalakas ito ng paghihikayat sa mga kaakit-akit na atraksiyon ng turista sapamamagitan ng pagbabahagi ng mga kwento kaugnay ng mga atraksiyon ng mga turista. Ang pagkukwento sa turismo ay may malawak na kahulugan, na naglalalaman hindi lamang ng berbal na paraan bilang ang bagong paraan ng komunikasyon sa makabagong lipunan. Gamit ang flyers Tinuuran ni Marbella (2022) Inirerekomenda na kailangang bigyang pansin ng lokal na pamahalaan ang mga pagpapakilala at pagpapaunlad sa mga atraksiyong turismo ng bayan. Gamitin ang wikang Filipino sa mga flyers at bilang midyum ng pakikipagtalastasan ng mga lokal na empleyado sa pagpapakilala ng mga atraksiyong turismo. Magkaroon pa ng mga proyekto at programang maaaring isulong ang pagpapayaman ng pakikipagtalastasan ng mga lokal na mamamayan.

Mahalagang naipakikilala ang mga turismong atraksiyon sa lugar upang ito'y binabalik balikan. Ang pagkakaroon ng masiglang turismo ay hudyat upang ito'y tangkilikin, magbigay kasiyahan at panibagong karanasan. Ang mga natatanging karanasan sa paglalakbay ay inaalok sa pamamagitan ng pagiging eksklusibo,

Sa isinagawang pangangalap ng datos ng mananaliksik ay natuklasang maraming magagandang destinasyon ang mapupuntahan sa bayan ng Pilar. Mga natatanging atraksiyon na makapagbibigay ng identidad sa lugar. Ngunit may kakulangan sa paraan ng pagpapakilala kung kaya't malimit itong mapuntahan. Kung kaya't marapat na ang mga tao sa komunidad ay may kamalayan kung paano mapapataas ang turismo ng lugar. Ang kasiglahan ng turismo ay nagmumula sa mga tao na pinalalago at pinagmamalaki ito. Sa Pagkakaroon ng turismong atraksiyon nabibigyan nito ng mas makabuluhang pagpapalawig sa pagpapakilala ng iba't-ibang pook pasyalan sa lugar. Ang pag e-endorso nito sapapamamagitan ng magasin ay isang malaking hakbangin tungo sa pag papaunlad ng turismo maging ang pagdagsa ng turista na maaring pumunta ang bisitahin ang lugar. Mahalagang pag-igtingin ang pagpapakilala sa turismo ng isang lugar nang sa gayun ay napapataas nito ang turismo sa lugar at upang mai-angat ang kabuhayan sa komunidad. Ang pagkakaroon ng inobasyon at malikhaing pagpapakilala sa panturismong atraksiyon ng lugar ay malaking tulong upang lubos na maipakilalala ang bayan.

Foreignising or Neutralising Approach. Nagmula https://www.jostrans.org/issue13/art_sanning.pdf

Teorya-at-Praktis-Ng-Pagsasalin <https://www.scribd.com/document/136111322/>

Teorya-Ng-Pagsasalin.<https://www.scribd.com/doc/>

UK. (2018). Theories Regarding The Tourism Industry.

Ukessays.com/essays/tourism/theories-regarding-the-tourism-industrytourism-essay.php?vref=1<https://>

www.Veritasph.net/turismo-sa-pilipinas

Ward, P. (2018). Are Translation Devices a Bridge or a Barrier Between Cultures.<https://theculturetrip.com/>

